REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-186

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG PAGPAPAUTANG NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA NG HALAGANG DALAWANG MILYONG PISO (P2,000,000.00) SA SAMAHANG NAGKAKAISA SA MEDINA'S COMPOUND, BARANGAY CUPANG, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA UPANG MABAYARAN ANG LUPANG BINIBILI NG NASABING SAMAHAN.

*************************************************************

Ipinanukala nina: Kgg. Rufino B. Joaquin
Kgg. Roger C. Smith

*************************************************************

SAPAGKAT, ang Samahang Nagkakaisa sa Medina's Compound ay naghahangad ng sariling lupang mapagtitirikan ng kanilang mga tahanan;

SAPAGKAT, ang nasabing samahan ay binubuo ng walumpu't siyam (89) na pamilya ay nakarehistro sa Securities and Exchange Commission (SEC) at akredito ng Presidential Commission for the Urban Poor (PCUP);

SAPAGKAT, ang nabanggit pa rin na samahan ay naghahangad na mabili ang lupa sa pamamagitan ng Community Mortgage Program (CMP) ng National Home Mortgage Finance Corporation (NHMFC);

SAPAGKAT, ang binabanggit na lupa na may sukat na 8,836 square meters at matatagpuan sa Barangay Pooc, Sta. Rosa, Laguna at nagkakahalaga ng P325.00 per square meter o may kabuuang halaga na P2,871,700.00;

SAPAGKAT, ang NHMFC ay pinagtibay ang pagpapautang na halagang P2,600,000.00 sa samahan upang mabili ang nasabing lupa;

SAPAGKAT, ang halagang P2,000,000.00 na ipauutang ng Pamahalaang Bayan ay babayaran kaagad matapos ilabas ang uutangin (release of loan proceeds) mula sa NHMFC sa pamamagitan ng Deed of Assignment upang masiguro ang pagbabayad ng tulong sa utang (loan assistance).

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na pagtibayin ang pagpapautang ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ng halagang Dalawang Milyong Piso (P2,000,000.00) sa Samahang Nagkakaisa sa Medina's Compound, Barangay Cupang, Muntinlupa, Kalakhang Maynila upang mabayaran ang lupang binibili ng nasabing samahan.

PINAGTIBAY NG NAKARARAMING Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-107th regular na pulong na ginanap ngayong ika-07 ng Nobyembre, 1994.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

(Absent)
KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

(Absent)
KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

(Absent)
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

(Absent)
KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Panggulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

(Absent)
KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan